




WATCHMAN™
LEFT ATRIAL APPENDAGE CLOSURE IMPLANT

Boston Scientific
Advancing science for life™

# Isang Beses. Sa Haba-mbuhay.



## Posible ba ang buhay na walang pampanipis ng dugo para sa mga taong may AFib? Oo.

Kilalanin ang WATCHMAN Implant.



*Parang iba 'yung buhay ko noong umiinom ako ng pampanipis ng dugo. Binago ng WATCHMAN ang buhay ko. Nakabalik ako sa dating ako.*
— Cliff, 68

## Alam mo ba?

**Ang WATCHMAN™ ang numero unong inirerekomendang LAAC implant ng mga doktor.**
Ito ang pinakaini-implant na device sa uri nito na aprubado ng FDA para sa pagpapababa ng risk ng stroke sa mga taong may atrial fibrillation na hindi dulot ng problema sa valve ng puso.

# Higit 400,000 tao na ang umiwan sa mga pampanipis ng dugo dahil sa WATCHMAN™ Implant.

Maaaring habambuhay kang gumamit ng pampanipis ng dugo kung may AFib. At kung madalas kang maaksidente at magkaroon ng pagdurugo, lagi kang mag-aalala. Para sa 400,000+ tao, wala na ang pag-aalalang 'yan sa tulong ng WATCHMAN Implant.

Ang WATCHMAN Implant ay ligtas, hindi gaanong invasive, at isahang implant na nagpapababa sa risk mo ng stroke nang hindi nangangailangan ng habambuhay na paggamit ng mga pampanipis ng dugo.*[1] May mataas itong 99% na success rate at mababa 0.5% rate ng mga matitinding komplikasyon.†[1]

Tulad ng anumang medical procedure, may mga risk na kaugnay ng paggamit ng WATCHMAN Implant, kabilang ang internal bleeding, stroke, at sa mga bibihirang kaso, pagkamatay.

## Kilalanin ang WATCHMAN Implant.

Sa loob ng brochure na ito, mahahanap mo ang sumusunod na impormasyong makakatulong:

- Mga option sa stroke risk reduction treatment
- Ano ang WATCHMAN Implant at paano ito gumagana
- Bago, habang, at pagkatapos ng procedure mo
- Pamumuhay nang may WATCHMAN Implant
- Paano kami kontakin

*Sa isang clinical trial >96% ng mga pasyente ang nakapagtigil sa paggamit ng kanilang pampanipis ng dugo 45 araw matapos magkaroon ng WATCHMAN Implant
†Sa isang clinical trial. Binibigyang-kahulugan ang matinding komplikasyon bilang pangyayari ng isa sa mga sumusunod sa pagitan ng oras ng implat at sa loob ng 7 araw matapos ang procedure o pagkalabas ng ospital, alinman ang mahuli: kamatayan sa anumang dahilan, ischemic stroke, systemic embolism, o anumang pangyayari na kaugnay ng device o procedure na nangangailangan ng open cardiac surgery o major endovascular intervention

1. Kar, S., et al, Primary Outcome Evaluation of the Next Generation LAAC Device: Mga resulta mula sa PINNACLE FLX Trial, Circulation, 2021.

# Ang layunin: mapababa ang risk mo ng stroke. Isang paraan ang mga pampanipis ng dugo.

**Pinapababa ng mga pampanipis ng dugo ang risk ng pamumuo na maaaring humantong sa stroke.** 60 taon nang ginagamit ang pampanipis ng dugo na warfarin (kilala rin bilang Coumadin®). Kabilang sa mga mas bagong pampanipis ng dugo ang Eliquis® (apixaban), Pradaxa® (dabigatran), Xarelto® (rivaroxaban), at Savaysa® (edoxaban).

**Epektibo ang mga gamot na ito, pero dahil pinipigilan nila ang pamumuo sa pamamagitan ng pagpapanipis ng dugo, may mga kahirapan ito at posibleng magpataas ng risk mo ng pagdurugo.**

- May mga major at minor na risk ng pagdurugo mula sa iba pang mga medical condition o aksidente
- Puwedeng magresulta sa pagdurugo o pagpapasa ang trabaho o mga libangan mo
- Kahirapan sa pill dosage na isa o dalawang beses sa isang araw
- Mga komplikasyon habang inooperahan
- Patuloy na mataas na gastos
- Kung umiinom ng warfarin, regular na pagmo-monitor ng mga interaksiyon ng pagkain/gamot

## Alam mo ba?

**Maaaring pataasin ng mga pampinipis ng dugo ang risk ng pagdurugo sa paglipas ng panahon.**
Maaaring magkaroon ng 6-9x mas mataas na risk ng pagdurugo dahil sa matagalang paggamit ang mga taong 10 taon nang gumagamit ng pampanipis ng dugo.*[1]

## Ang WATCHMAN™ Implant ay isang alternatibo sa mga pampanipis ng dugo.

Pinapababa ng ligtas, hindi gaanong invasive, at isahang implant na ito ang risk mo ng stroke nang hindi nangangailangan ng habambuhay na paggamit ng mga pampanipis ng dugo.†[2]

*Ipinagpapalagay na may constant risk sa kabila ng tumataas na edad, at na independent ang risk ng pagdurugo mula sa mga nakaraang taon na risk ng pagdurugo
†Sa isang clinical trial >96% ng mga pasyente ang nakapagtigil sa paggamit ng kanilang pampanipis ng dugo 45 araw matapos magkaroon ng WATCHMAN Implant

1. Turagam MK, Parikh V, Afzal MR, et al. *J Cardiovasc Electrophysiol*. 2017; 28: 853-861.
2. Kar, S., et al, Primary Outcome Evaluation of the Next Generation LAAC Device: Mga resulta mula sa PINNACLE FLX Trial, Circulation, 2021.



*Maraming bawal sa mga pampanipis ng dugo noon pero ngayon, makakapunta na ako kung saan ko gusto at magagawa ko ang mga gusto ko.*
**— Michael, 79**

## Tama ba ang WATCHMAN™ Implant para sa iyo?

Ang WATCHMAN Implant ay para sa mga taong may AFib na hindi dulot ng problema sa valve ng puso (kilala rin bilang non-valvular AFib) at niresetahan ng mga gamot na pampanipis ng dugo ng kanilang mga doktor, pero nangangailangan ng alternatibo.

## Posibleng tama para sa iyo ang WATCHMAN Implant kung:

- May trabaho, libangan, o alalahaning pangkalusugan ka na nilalagay ka sa risk na magkaroon ng matinding pagdurugo
- Nakaranas ka ng pagdurugo dati dahil sa mga pampanipis ng dugo
- Nahihirapan kang uminom ng mga pampanipis ng dugo nang ayon sanireseta ng doktor mo

**Kausapin ang doktor mo tungkol sa mga benepisyo at risk. Magkasama niyong pagdedesisyunan kung tama para sa iyo ang WATCHMAN Implant.**

## Alam mo ba?

**Sa kalaunan, mas makakatipid ka sa WATCHMAN Implant kaysa sa mga pampanipis ng dugo.**
Mas mababa ang kabuuang gastos na mula sa sariling bulsa kaysa sa warfarin sa taon 2 at kalahati ng gastos nito sa taon 5.[1]
**Sa katunayan, nagbabayad ang isang tipikal na pasyente ng Medicare sa 2023 ng tinatayang hindi lalampas sa $2,600.***

Sa isang clinical trial

**96%**

**ang nakapagtigil ng paggamit sa kanilang pampanipis ng dugo 45 araw matapos makakuha ng WATCHMAN Implant.[2]**

## Paano naman ang gastos?

Kung araw-araw kailangang inumin ang mga pampanipis ng dugo habambuhay at may patuloy na gastos, ang WATCHMAN Implant ay isahang procedure at isahang gastos. Ibig sabihin nito, makakatipid ka ng pera sa kalaunan.

Sakop ng Medicare ang WATCHMAN Implant para sa mga taong makakatugon sa partikular na coverage criteria at ginagawa rin ito ng tumataas na bilang ng iba pang mga insurer. Puwedeng maging malaki ang pagkakaiba ng insurance coverage sa isang plan mula sa iba pa. Siguruhing kontakin ang insurance carrier mo para sa anumang mga ispesipikong tanong.


*Kasama sa gastos ang: Pre-screen TEE,* implant procedure, professional physician fees, at post-implant OAC therapy at TEE

1. Armstrong S, Amorosi SL, Patel P, Erickson GC, Stein K. Medicare beneficiary out-of-pocket spending for stroke prevention in non-valvular atrial fibrillation: a budget analysis. Value Health (ISPOR). 2015;18:A1-A307 (A40,PMD13). https://www.valueinhealthjournal.com/article/S1098-3015(15)00296-X/pdf. Na-access Marso 28, 2019.
2. Kar, S., et al, Primary Outcome Evaluation of the Next Generation LAAC Device: Mga resulta mula sa PINNACLE FLX Trial, Circulation, 2021.

## Ano ang WATCHMAN™ Implant?

Ang WATCHMAN Implant ay maliit at flexible na implant na halos kasinlaki ng quarter. Gawa ito sa napakagaan at compact na materyales na kadalasang ginagamit sa maraming iba pang medical implant.

Nilalagay ito sa iyong puso sa isang procedure na maiksi at hindi gaanong invasive. Hindi ito nangangailangan ng open heart surgery at hindi na kailanman kailangang palitan.




~2.5 cm


## Paano talaga ito gumagana?

Para maintindihan kung paano gumagana ang WATCHMAN Implant, makakatulong na maintindihan ang koneksiyon ng AFib at stroke.

Naaapektuhan ng atrial fibrillation, o AFib, ang kakayahan ng puso mo na mag-pump nang normal. Dahil dito, puwedeng maipon ang dugo sa area na tinatawag na left atrial appendage, o LAA. Doon, puwedeng magdikit-dikit ang mga blood cell at mamuo. Kapag nakalabas ang namuong dugo sa LAA at nakaabot sa ibang bahagi ng katawan, puwede nitong maputol ang supply ng dugo sa utak, na nagdudulot ng stroke.[1,2]

Sa mga taong may AFib na hindi dulot ng problema sa valve ng puso, **higit 90% ng pamumuong nagdudulot ng stroke na mula sa puso ang nabuo sa LAA.**[1] Kaya, epektibong paraan ang pagsasara ng bahaging ito ng puso para mabawasan ang risk ng stroke.

**Isasakto ang WATCHMAN Implant sa LAA mo. Dinisenyo ito para permanente nitong takpan at pigilan ang paglabas ng mga namuong dugo.**



**Left Atrial Appendage (LAA)**

**>90% ng pamumuong nagdudulot ng stroke na mula sa puso ang nabuo sa LAA**[1]

**Saktong-sakto ang WATCHMAN Implant sa LAA mo at pinipigilan nito ang paglabas ng mga pamumuo**

### Alam mo ba?

**Pinapataas ng AFib ang risk ng stroke.**
Sa average, ang taong may AFib ay 5x na mas mataas ang tsansang ma-stroke kaysa taong may regular na tibok ng puso.[2]

1. Blackshear JL, Odell JA. Appendage obliteration to reduce stroke in cardiac surgical patients with atrial fibrillation. *Ann Thorac Surg*. 1996;61:755-759.
2. National Stroke Association. Making the Afib-Stroke Connection. https://www.stroke.org/sites/default/files/resources/Afib-Connection%20for%20hcp.pdf. Ipinublish 2012. Na-access Setyembre 1, 2016.



*Sa WATCHMAN, hindi ko na kailangang mag-alala sa stroke. Hindi ko na kailangang mag-alala sa mga side effect ng mga gamot at makakapamuhay na ako nang masaya at malusog.*
**— AJ, 68**

## Higit 400,000 tao ang pumili sa WATCHMAN™ Implant.

Ngayon, higit sa 400,000 tao na ang umiwan sa mga pampanipis ng dugo dahil sa WATCHMAN—ang implant na suportado ng 20 taon ng klinikal at aktuwal na karanasan, kabilang ang 10 clinical trial.

**400k+**
**20 taon**

## Disenyo na advanced at mabuti sa puso.

Pinapaganda pa lalo ng siyensiya ang mga dati nang epektibong treatment. Walang pinagkaiba rito ang WATCHMAN Implant. Ang disenyo ng WATCHMAN FLX™ Implant ay isang advancement para mas umakma ang implant sa mas maraming bilang ng mga pasyente, na makakapagbigay ng ligtas at epektibong alternatibo sa mga pampanipis ng dugo sa mas maraming tao.

**Tingnan ang cover sa likod para sa mahalagang impormasyon sa kaligtasan, at kausapin ang doktor mo para maintindihan mo nang buo ang mga benepisyo at risk ng WATCHMAN Implant.**

### Alam mo ba?

**Napatunayang ligtas ang WATCHMAN.**
Mayroon itong mataas na implant success rate na 99%, at mababang rate ng matinding komplikasyon na 0.5%.[1]

## Matuto pa tungkol sa WATCHMAN Implant at kung paano ito gumagana sa →

1. Kar, S., et al, Primary Outcome Evaluation of the Next Generation LAAC Device: Mga resulta mula sa PINNACLE FLX Trial, Circulation, 2021.

# Ang procedure ng WATCHMAN™ Implant: Ano ang dapat asahan.

Sa pagitan mo lang at ng iyong doktor ang pagdedesisyon sa pagkuha ng WATCHMAN Implant. Pag-uusapan ninyo kung ano ang mahalaga sa iyo, mga layunin mo, at ang mga risk at benepisyo ng procedure. Magkasama ninyong pagdedesisyunan kung tama para sa iyo ang WATCHMAN Implant. Kung ganoon, ito na ang kasunod.

## Paghahanda.


**Magpaapruba sa insurance.**
Sakop ang WATCHMAN Implant para sa mga kuwalipikadong pasyente ng Medicare at hindi nangangailangan ng maagang pag-apruba. Kung may commercial insurance ka, maaaring kailanganin mo ng paunang awtorisasyon mula sa plan mo. Posibleng makatulong ang opisina ng doktor mo.


**Mamili ng medical center.**
Ikaw at ang doktor mo ang magdedesisyon sa center. Makikita mo ang mga option sa watchman.com/centers, at magbibigay ang doktor mo ng referral. Kadalasan, tatawag ang medical center sa iyo para mag-schedule ng konsulta, o maaari itong i-schedule para sa iyo ng opisina ng doktor mo.


**Magpa-exam at imaging test.**
Bukod sa pisikal, maaaring kunan ng litrato ang puso mo para makita ng doktor ang iyong LAA at para masigurong wala kang dati nang namuong dugo.

**Mag-set ng petsa para sa procedure ng WATCHMAN Implant mo.**
Sasabihin ng doktor mo at implant team kung paano maghanda. Siguruhing naiintindihan mo ang lahat ng direksiyon, pati ang dapat at hindi mo dapat inuming gamot, at magtanong kung mayroon.

## Araw ng procedure.


1

Para simulan ang procedure, gagawa ang doktor ng maliit na hati sa itaas ng binti mo at magpapasok ng makitid na tube.

2

Gagabayan ng doktor mo ang WATCHMAN Implant sa tube, papasok sa iyong left atrial appendage (LAA).

3

Tipikal na ginagawa ang procedure sa ilalim ng general anesthesia, kaya makakatulog ka at walang mararamdamang sakit. Nananatili sa ospital nang isang araw o mas maiksi pa ang karamihan ng mga kumukuha ng WATCHMAN Implant.

4

Matapos ang procedure, tutubo sa WATCHMAN Implant ang sariling tissue ng puso mo para bumuo ng harang laban sa mga pamumuo ng dugo.



*Matapos ang procedure, 24 oras ako sa ospital na may masarap na pagkain at nakakatuwang staff, at saka nagpahinga sa bahay para sa susunod na linggo nang may kaunting limitasyon sa mga nakakapagod na gawain.*
— **Sean, 84**

## Ang una mong taon na may WATCHMAN™ Implant.

Reresetahan ka ng doktor mo ng medication regimen na tama para sa iyo. Kadalasan, isa ito sa dalawang option dito:

### Option A.

Maaaring magreseta ang doktor mo ng anti-platelet medicine na tinatawag na clopidogrel (kilala rin bilang Plavix®) at aspirin para sa 6 na buwan. Sa pang-6 na buwang appointment mo, puwedeng ipatigil ng iyong doktor ang anti-platelet medicine at tuloy-tuloy kang iinom ng aspirin.

### Option B.

Maaari kang resetahan ng short-term na pampanipis ng dugo (anticoagulant), karaniwang para sa 45 araw. Pagkatapos, maaaring patigilin ng doktor mo ang mga pampanipis ng dugo at pagamitin ka ng anti-platelet at aspirin hanggang 6 na buwan matapos ang procedure. Pagkatapos nito, tuloy-tuloy kang papainumin ng aspirin.

**Mga option sa gamot pagkatapos ng procedure mo.**

Option A: Mga Anti-Platelet




Option B: Mga Short-Term na Pampanipis ng Dugo




## Mga requirement sa gamot.

Iinumin ang mga gamot na ito hanggang lubos na sumara ang left atrial appendage (LAA) mo. Alinmang option ang piliin, mahalagang talakayin sa doktor mo ang iyong gamot at huwag ibahin o baguhin ang mga gamot o dosage mo maliban kung nireseta ng iyong doktor.

## Pagbalik sa trabaho.

Nakakabalik sa trabaho ang karamihan sa loob lang ng ilang araw. Unti-unting magdagdag ng mga gawain para makabalik sa normal na routine mo. Magtanong sa doktor mo bago magpatuloy sa pag-eehersisyo o anumang nakakapagod.

## Mga follow-up na pagbisita.

Maaari kang magkaroon ng mga follow-up appointment pagkatapos ng procedure mo para magpa-imaging test para tingnan ang implant at masigurong natatakpan ang left atrial appendage (LAA) mo. Talakayin ang pagse-schedule ng mga follow-up appointment mo sa iyong doktor.

# WATCHMAN. Isang Beses. Sa Habambuhay.

Maaaring magbigay ang WATCHMAN Implant ng habambuhay na stroke risk reduction para maiwanan mo na ang mga pangambang kasama ng mga pampanipis ng dugo. Matapos ang procedure ng WATCHMAN Implant, mas dumadali na ang buhay. Dahil walang constant na pag-aalala sa mga pagdurugo dahil sa pampanipis ng dugo, mas malaya ka nang maging aktibo, mag-travel, pumunta kung saan mo gusto, at gawin ang gusto mong gawin.

## Harapin ang mundo kasama ang WATCHMAN Implant.

### Mag-travel.

Hindi tutunog ang mga metal detector dahil sa WATCHMAN Implant mo, kaya hindi ka na dapat mag-alala sa pagdaan sa mga security screening.

### Mga Medical at Dental Procedure.

Palaging sabihan ang doktor o dentista mo na may WATCHMAN Implant ka para makipagtulungan sila sa iyong doktor sa pagtukoy ng pinakamaiging paraan sa pagbibigay ng treatment—lalo na kung kinakailangan mong tumigil sa pag-inom ng mga gamot na nireseta dahil sa procedure.

### MRI.

Kung kailangan mo ng MRI (magnetic resonance imaging), mahalagang ipakita sa doktor at MRI technologist ang iyong WATCHMAN Implant Card. Ang WATCHMAN Implant ay "MRI conditional," ibig sabihin, ligtas kang makakapagpa-MRI kapag gumawa ng ilang pag-iingat ang technologist mo.

### Ano ang WATCHMAN Implant Card at bakit ko ito kailangan?

Makakakuha ka ng WATCHMAN Implant Card mula sa medical center na nagsasagawa ng procedure mo. Ipinapaalam ng napakahalagang card na ito sa mga medical personnel na may WATCHMAN implant ka. Tandaan na palagi itong dalhin sa lahat ng oras at iparehistro para kung sakaling mawala.
**Pumunta sa watchman.com/register.**



*Hindi ako nagkaproblema sa procedure ng [WATCHMAN] at sa tingin ko, pinakagumanda ang pakiramdam ko mula noong nagkaroon ako nito. Gumaganda ang pakiramdam ko dahil nakakatayo at nakakaalis na ako nang walang pag-aalala.*
— Camille, 89

## May gusto ka pang malaman? Sasagutin namin ang mga tanong mo.

### Kumausap ng Education Specialist.

May karanasan sa healthcare ang mga na-train na propesyonal namin. Nandito sila para sagutin ang mga tanong mo tungkol sa WATCHMAN™ Implant at matulungan kang maghandang kausapin ang doktor mo.

**Mon-Fri, 8 am hanggang 5 pm CT**

1.877.359.2961



# Mahalagang Impormasyon sa Kaligtasan

Ang WATCHMAN™ at mga WATCHMAN FLX Devices ay mga permanenteng implant na dinisenyo para isara ang left atrial appendage ng puso sa layuning mapababa ang risk ng stroke. Sa lahat ng mga medical procedure, may mga risk na nauugnay sa implant procedure at sa paggamit ng device. Kabilang sa mga risk, pero hindi limitado rito, ang aksidenteng pagkatusok sa puso, air embolism, allergic reaction, anemia, mga risk sa anesthesia, arrhythmias, AV (Arteriovenous) fistula, pagdurugo o pananakit ng lalamunan dahil sa TEE (Trans Esophageal Echo) probe, pamumuo ng dugo o mga bula ng hangin sa baga o iba pang organ, pamamasa sa pinasukan ng catheter, pamumuo sa device, pagdurugo sa utak, malubhang pagdurugo, gastrointestinal bleeding, pagdurugo ng singit dahil sa pagkatusok, hypotension, impeksiyon/pulmonya, pneumothorax, pulmonary edema, pulmonary vein obstruction, pagpalya ng kidney, stroke, thrombosis at transient ischemic attack. Sa mga bibihirang kaso, maaari itong magresulta sa kamatayan. Siguruhing kausapin ang doktor mo para maintindihan mo nang lubos ang mga risk at benepisyo na kaugnay ng pag-implant sa device.

Boston Scientific

*Advancing science for life™*

**Cardiology**
300 Boston Scientific Way
Marlborough, MA 01752-1234
**www.bostonscientific.com**

©2024 Boston Scientific Corporation o mga affiliate nito. Reserbado ang lahat ng karapatan. Lahat ng trademark ay pagmamay-ari ng kani-kanilang may-ari.

SH-1352906-AB